

I'm interested. Ano ang pwede kong gawin?

Marami kang pwedeng gawin. Sa pagbasa pa lang ng pamphlet na ito ay may nagawa ka na! Kaya tumawag ka na sa aming hotline o bumisita sa aming Center upang makasali sa mga activities at makapag-volunteer sa aming mga outreach projects.

Join ka na! Masaya ito!



Masaya ba talaga dito? Sure ka?

Naman! Masayang makipagkwentuhan at i-share ang ating mga experiences sa mga kagaya rin natin dahil alam nating tayo'y paki-kinggan. Masarap ang feeling na we belong in a community kung saan maari tayong magkaroon ng kasama sa tambay at rampa, achievement sa mga kuya, love life o mga kaibigan na makakasama sa pagharap ng problema, susuporta at hindi mang-iwan sa atin. Bukod sa mga ito, may mga mahahalaga pa tayong matutunan tungkol sa ating mga sarili at sexual health, kasama na rito ang pag-iwas sa STI at HIV/AIDS.

The images featured in this material were taken from "Pa-girl, Pa-mhin and Everything in Between," an advocacy promotional video produced by KSP Productions, copyright of The Library Foundation, all rights reserved. Where not explicitly stated, no representation or inference will be made regarding the gender identity and HIV status of the subjects in the images.

This material was made possible through a grant from the **Global Fund to Fight AIDS, Tuberculosis and Malaria (GFATM)** through the **Department of Health, Philippine National AIDS Council, Tropical Disease Foundation Inc. (TDF)** and the **Philippine NGO Council on Population, Health and Welfare Inc. (PNGOC)**.

Para sa karagdagang impormasyon sa sexual health, STI at HIV/AIDS:



mga kwentuhang nakakaaliw,
may mahalagang matutununan,
at pagsasama-samang makabuluhan
sali na kayo dito...

basta masaya ito!



Primer ng MSM
project ng TLF SHARE
Collective at Global Fund
AIDS project. Copyright 2005.
All rights reserved.



Kami ang TLF SHARE Collective.

Kami ay isang organisasyon ng mga sexuality, health and rights educators, trainers at advocates na nagpo-promote ng human rights ng mga bading, gay, bisexual, kanilang mga kaibigan at ka-partner, at iba pang MSM

(o men who have sex with men).

Partikular naming tinutuunan ang karapatan at responsibilidad ng MSM sa kanilang sekswalidad. Sa pamamagitan ng makabuluhang pagtuturo tungkol sa **sexually transmitted infections (o STI) -- kabilang na ang HIV (o ang virus na nagdudulot ng AIDS)** -- at mahahalagang skills sa pag-iwas sa mga ito, tinutulungan ng TLF na mapanatili nilang malusog ang kanilang sexual health.



Yung MSM ba ay good o bad?

Ikaw, ano sa tingin mo? Para sa amin sa TLF, hindi naman ito bad. May risk ang sex kahit sino pa ang maging ka-partner mo. Ang importante ay masaya ka kung sino ka, maligaya ka sa ginagawa mo, responsable mong naipapahayag ang iyong kagustuhan sexually, at napapanatili mo na sexually healthy ka.



Ano yun? MSM ba kamo?

Ang men who have sex with men (o MSM) ay tumutukoy sa mga lalaking nakikipag-sex sa ibang lalaki, maging sila man ay bading, gay, bisexual o straight, may-asawa, service boy o nagti-trip lang. Ang tinutukoy ng salitang MSM ay ang na-experience ng mga lalaki sa sex at hindi ang kanilang pagkatao.

Eh, ano ba yung sexual health?

Ang sexual health ay tumutukoy sa pagpapanatili natin ng ating kagandahan at kalusugan na maaring maharap sa panganib dahil sa kagustuhang makipag-sex, kasama na rito ang pagpili natin ng makaka-sex at ang mga ginagawa during and after sex. Kabilang sa mga panganib ang makaranas ng harassment, magsaktan ang katawan, mawalan ng gamit, mapwersa sa mga nakaka-sakit na gawain, at sa posibilidad na mawalan ng STI.



Mahalaga ba ang maging sexually healthy?

Oo naman. Mahalagang maging sexually healthy. Masarap ang feeling na napapanatili nating safe ang ating sarili sa mga risks na naidudulot ng pakikipag-sex. Di ba mas enjoy kung alam natin na bukod sa masarap maka-ranas ng sex ay hindi natin kailangang problemahin ito pagkatapos?



Ano ba ang nais ipabatid sa amin ng ginagawa ninyo?

Sa **Global Fund AIDS Project**, guided ng ilang importanteng mensahe ang bawat outreach activity, learning group session, pagmomobilisa at pag-oorganisa na isinasagawa namin.

Mahalaga ang bawat MSM, paano man ang kanyang pagkilala sa sarili, anuman ang kanyang mga karanasan at pangarap sa buhay. Mahalagang maunawaan ang sitwasyon ng bawat MSM, respetuhin ang ating pagkakaiba-iba, at i-celebrate ang ating pagsasama-sama.

May kakayahan ang bawat MSM na matuto at mag-desisyon para mapanatiling ligtas sa karamdaman ang sarili, at nakakatulong dito ang pag-suporta ng mga kasama at ka-partner.

Mahalagang tanggapin ang responsibilidad at karapatan na pananatilihin ligtas ang sarili, mga ka-partner at mga kasamahan sa mga karamdaman.

Mahalagang may pag-suporta at pagkalinga sa iba na infected at affected ng STI at HIV/AIDS.

Mahalaga ang pagbubuklod ng mga MSM upang ang ating community ay manatiling malusog, matiwasay at malaya sa anumang panganib o kapahamakan.

